Pahayag ni **DOMINIC CASERTA**, Kandidato para
**Miyembro, Konseho ng Lunsod ng Santa Clara, Puwesto 5**

**Trabaho:** Guro ng Ekonomiya sa Santa Clara **Edad:** 39

**Edukasyon at Kuwalipikasyon:**

Salamat po! Isang pribilehiyo na nakapaglingkod bilang inyong Miyembro ng Konseho sa walong taon, ginawa ang Santa Clara na isang mahusay na lugar para manirahan. Ako ay tumulong na balansehin ang walong magkakasunod na badyet; baguhin ang yari ng ating sentro ng nakatatanda; pondohan ang mga parke, isang landas sa sapa, at ang bagong aklatan ng Northside; ipagsanggalang ang ating mababang mga presyo ng utilidad at kampanyang paglilinis; at kumpletuhin ang mga tauhan ng pampublikong kaligtasan.

Bilang isang ikalimang-henerasyon na Taga-Santa Clara, asawa, nagtapos sa Unibersidad ng Santa Clara at sa Akademya ng mga Mamamayang Pulis, guro ng Ekonomiya sa Santa Clara at tagapamahala ng koponan, may-ari ng bahay at Miyembro ng Konseho, ako ay may mga pinahahalagahan at karanasan upang panatilihin ang ating kalidad ng buhay, isinusulong ang Santa Clara. Ako ay walang-pagod na magtatrabaho upang pahusayin ang ating mga paaralan; tiyakin ang mahusay na pampublikong kaligtasan, suportahan ang mga serbisyo sa nakatatanda at kabataan; lumikha ng mga bagong parke at bukas na espasyo; at protektahan ang ating mga kapitbahayan. Babalansehin ko ang ating badyet at pananatilihing matatag ang pananalapi ng Santa Clara habang itinatuguyod ang pagdami ng trabaho. Ako ay patuloy na magiging etikal, malinaw at matugunin.

Mangyaring samahan ang mga Bumbero, Opisyal ng Pulisya, Nars, Guro, May-ari ng Negosyo ng Santa Clara, kasama nina Kongresista Eshoo at Lofgren, Senador Alquist, Siyerip Smith, mga dating Hepe ng Pulisya Lodge at Kyle at Alkalde ng Santa Clara Matthews, Fargher, Gillmor, Marsalli, Souza, at Mahan sa pagsuporta sa aking kandidatura. Ikararangal kong makapaglingkod muli sa inyo. Mangyaring bisitahin ang www.dominiccaserta.com.